

Mula sa Kamatayan  
tungo sa Buhay

## WARM-UP

- Ano ang pinakamagandang bagay na ginawa ng isang tao para sa iyo ngayong linggo? Ano ang naramdaman mo dahil dito?
- Balikan ang isang pagkakataon kung kailan may nakita kang bagay o tao (halimbawa: halaman, hayop, o isang sanggol) na nagising. Paano ito nangyari?
- Sino ang pinakapinagkakatiwalaan mo? Bakit mo siya pinagkakatiwalaan?

## WORD

*Nilikha tayo ng Diyos; at sa pakikipag-isa natin kay Cristo Jesus, binigyan niya tayo ng bagong buhay, para gumawa tayo ng kabutihan na noon pa'y itinalaga na ng Diyos na gawin natin.*

**MGA TAGA-EFESO 2:10**

(Basahin din ang **MGA TAGA-EFESO 2:1-9**.)

Sinasabi sa Bibliya na kung wala si Cristo at ang ginawa Niyang nakakapagligtas, tayo ay patay sa ating mga kasalanan. Hindi tayo masama o nangangailangan lamang ng kaunting tulong; tayo ay patay. Subalit ang awa, pagmamahal, at kabutihan ng Diyos ay nagbigay buhay sa mga taong patay na. Ang ating kaligtasan ay gawa at kaloob ng Diyos. Kung tayo lang, wala tayong magagawa upang maging karapat-dapat na tumanggap nito. Kinuha ni Jesus ang lugar na nararapat para sa atin at binayaran ang multa ng ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan, pagkalibing, at muling pagkabuhay. Ito ang ebanghelyo. Ang tanging nararapat na tugon ay ang maniwala sa Kanya at mabuhay para sa Kanyang karangalan.

**1****Tayo ay naligtas dahil sa biyaya ng Diyos.**

*<sup>8</sup>Dahil sa biyaya ng Diyos, naligtas kayo nang sumampalataya kayo kay Cristo. Kaloob ito ng Diyos, at hindi galing sa inyo.*

*<sup>9</sup>Hindi ito nakasalalay sa mabubuti ninyong gawa, para walang maipagmalaki ang sinuman. **MGA TAGA-EFESO 2:8,9***

Tayo ay naligtas hindi dahil sa ating sariling pagsusumikap, kakayahan, o kagustuhan. Tayo ay naligtas dahil sa biyaya ng Diyos, na hindi natin karapat-dapat na matanggap subalit ibinigay pa rin Niya sa atin. Ang biyaya ng Diyos, bagamat hindi tayo nararapat, ay ibinibigay Niya sa kabila ng ating mga kasalanan. Ano ang ginawa ng Diyos para sa atin kahit noong tayo ay patay pa sa ating mga kasalanan (Mga Taga-Efeso 2:4,5)? Bakit hindi maririnig sa langit ang pagmamalaki natin tungkol sa ating mabubuting gawa?

---

---

**2****Tayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo.**

*Dahil sa biyaya ng Diyos, naligtas kayo nang sumampalataya kayo kay Cristo. Kaloob ito ng Diyos, at hindi galing sa inyo.*

**MGA TAGA-EFESO 2:8**

Pananampalataya ang ating tugon sa biyaya ng Diyos. Naniniwala tayo at umaasa sa ginawa ni Cristo sa krus na tanging paraan para sa ating kaligtasan. Ang layunin ng ating pananampalataya ay ang Diyos. Paano mo nagawa ang desisyon na manalig sa Diyos para sa kaligtasan mo?

---

---

### 3 Tayo ay naligtas upang gumawa ng kabutihan.

*Nilikha tayo ng Diyos; at sa pakikipag-isa natin kay Cristo Jesus, binigyan niya tayo ng bagong buhay, para gumawa tayo ng kabutihan na noon pa'y itinalaga na ng Diyos na gawin natin.*

#### **MGA TAGA-EFESO 2:10**

Bunga ng ating kaligtasan, maaari na nating matupad ang plano ng Diyos para sa ating buhay. Ang ating kaligtasan ay hindi ayon sa ating mabubuting gawa, subalit nagbubunga ito ng mabubuting gawa na itinalaga ng Diyos na gawin natin. Tayo ay Kanyang nilikha (likhang-sining o obra maestra). Ngayong alam mo na inihanda na tayo ng Diyos noon pa man upang gumawa ng kabutihan, paano tayo dapat tumugon? Ano sa iyong palagay ang dapat nating gawin?

---

---

#### **APPLICATION**

- Tinanggap mo na ba sa pamamagitan ng pananampalataya, ang bagong buhay na ibinibigay sa iyo ni Cristo? Kung hindi pa, gusto mo bang manalig sa ginawa ni Cristo sa krus para sa iyong kaligtasan?
- Maaari mo bang ipaliwanag kung ano ang nangyari sa krus para ikaw ay maligtas? Kanino mo ito maaaring ibahagi ngayong linggo?
- Anong mga mabubuting gawa, na noon pa ma'y itinalaga na ng Diyos na gawin mo, ang maaari mong gawin ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa paggawa ng paraan para sa iyong kaligtasan at sa pagdala sa iyo sa buhay mula sa kamatayan. Pasalamatan Siya sa Kanyang awa, pagmamahal, at biyaya. Pasalamatan din Siya sa iyong pananampalataya sa ginawa ni Cristo sa krus.
- Hingin sa Diyos ang lakas ng loob at tapang upang ipangaral ang ebanghelyo sa iyong pamilya at mga kaibigan na hindi pa nakakikilala at nananampalataya sa Kanya.
- Ipanalangin na bilang Kanyang nilikha, magawa mo ang kabutihang noon pa man ay itinalaga na Niyang gawin mo.

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---



**VICTORY**

© 2018 by VICTORY®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®  
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa  
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph